"Nililinaw ng Saligang Batas at Programa ng Partido na ang landas ng sandatahang rebolusyon ang tanging landas na tatahakin ng sambayanang Pilipino upang makalaya sila sa mapagsamantala at mapang-aping paghahari ng imperyalismong Amerikano, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang saligang paninindigang ito ng ating Partido ay kumikilala sa dakilang tungkuling ginagampanan ng hukbong bayan sa rebolusyong Pilipino. Sapagkat sandatahang pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka, ang hukbong bayan ang pangunahing anyo ng organisasyon sa demokratikong rebolusyon ng bayan."

-- sipi mula sa ***ANG BAGONG HUKBONG BAYAN, PINAGTIBAY NG KOMITE SENTRAL NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS NOONG 13 MAY 1969***

# Pakamahalin ang NPA!

## Idambana ang mga magigiting na pulang mandirigma!

**Marso 29, 1969**, sa pamumuno ng PKP-MLM, itinatag ang New People's Army sa Ikalawang Distrito ng Tarlac na nagsimula lamang sa 60 mandirigma na nasasandatahan ng siyam (9) na ripleng awtomatik at 26 na mahinang klaseng riple at mga pistola. Naging mitsa ang pagkakatatag ng NPA upang muling sumulong ang pakikidigmang gerilya sa ating bayan. Bilang pagpapatuloy ng halos 500 taong rebolusyonaryong kasaysayan ng mamamayan ng Timog-Katagalugan (TK), sinimulan ng Partido ang pagbubuo ng mga yunit ng NPA sa Rehiyong TK noong maagang bahagi ng Dekada '70. Noong 1973 naman nagkaroon ng pagpupunla sa Kanlurang Batangas. Tinamasa ng NPA ang malawak at malalim na suporta ng masang anakpawis sapagkat sa gitna ng malalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, patuloy na tinatanganan ng NPA ang kanyang tungkulin sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, repormang agraryo at pagtatayo ng baseng masa sa kanayunan. Nakararanas man sa kasalukuyan ng pansamantalang pag-atras sa bilang at kalidad dahil sa mga internal na kahinaan tulad ng konserbatismong militar, ubos-kayang tinutugunan ng NPA ang panawagan ng Partido na magwasto nang sa gayon

ay hindi na lamang tagumpay sa preserbasyon ng mga mandirigma kundi lubusang makasulong at malumpo ang mga kaaway sa uri.

Libo-libong masang anakpawis na ang sumuporta, yumakap, at direktang lumahok sa digmang bayan. Sa probinsya ng Batangas, walang ibang rebolusyonaryong hukbo na nagsisilbi sa masang api maliban sa NPA. Katuwang ng mga magsasaka, ang NPA ay nagpapalaya ng mga lupain at lumalaban sa malaking burgesyang kumprador-panginoong may lupang nangangamkam at nagpapalayas sa kanila. Kaya, natatamasa ng masang Batangueño ang mga tagumpay sa rebolusyong agraryo hanggang ngayon.

Sa pagtatagumpay ng matagalang digmang bayan, mabibigyang katuparan ang minimithi nating pambansang demokrasya na kung saan ay mabubuhay nang tunay na masagana, mapayapa at may hustisyang panlipunan ang susunod na henerasyon. Ngunit, ayon nga kay kasamang Mao Zedong, ang rebolusyon ay hindi isang piging, hindi mahinhin, malumanay o malambing. Ang armadong rebolusyon ay pagbangon ng uring inaalipin, ito ay marahas, at hindi maiiwasan ang hirap at sakripsyo, maging ang kamatayan.

Sa okasyon ng ika-56 na pagkakatatag nang hindi matalo-talong hukbo ng mamamayan, iginagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Batangas ang pinakamataas na pagpupugay at parangal sa mga bayani ng Batangas, mga kadre-opisyal at pulang mandirigma ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas. Sila ay dakila sapagkat walang pag-iimbot nilang inialay ang kanilang natatanging gintong buhay nang tahakin nila ang landas ng armadong pakikibaka, ang pangunahing anyo ng pakikibaka sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Alalahanin natin ang mga pulang martir ng rebolusyon sa Batangas kasabay ang pag-usal ng panatang, **“Mag-opensiba at kamtin ang inisyatiba! Lumaban upang magpalakas at magpalakas habang lumalaban! MAGPUNYAGI SA LANDAS NG DIGMANG BAYAN!”**




***KAGAWAD NG KOMITENG PROBINSYA***
**Jhunalice "Ka Arya" Arante-Isita**
**Isagani "Ka Ringo" Isita**
**Baby Jane "Ka Binhi" Orbe**

***MALALAY 8***
**Joy "Ka Kyrie" Mercado**
**Alyssa "Ka Ilaya" Lemoncito**
**Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta**
**Maria Jetruth "Ka Orya" Jolongbayan**
**Leonardo "Ka Mendel" Manahan**

***LEVISTE 3***
**Bernardo "Ka Mamay" Bagaas**
**Erickson "Ka Ricky" Bedonia**

***TUY 3***
**Gladys Cassandra "Ka George" Mendoza**
**Jian Markus "Ka Reb" Tayco**
**Royce Jethro "Ka Alex" Magtira**

**Rey "Ka Japet" Delos Santos**

NEW PEOPLE'S ARMY. NPA. BAGONG HUKBONG BAYAN. BHB. HUKBO. H. NEPS. POGI/GANDA. MGA YAPAK. Iba-iba man ang tawag ng mamamayang Batangueño, tiyak na sila'y idadambana at pakamamahalin!

**MABUHAY ANG NPA,**
**ANG REBOLUSYONARYONG HUKBO NG MAMAMAYAN!**

**LUMAHOK SA DIGMANG BAYAN!**

**SUMULONG AT MAGWASTO! KAMTIN ANG TAGUMPAY!**


**MABUHAY ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS!**

**MABUHAY ANG NAKIKIBAKANG MAMAMAYAN!**

## JHUNALICE "KA ARYA" ARANTE-ISITA

tubong Lipa City

Hulyo 18, 1986-Marso 26, 2024




Pahayag ng Eduardo Dagli Command
Abril 25, 2024

**Dakilain ang buhay na inialay ni Junalice "Ka Beata" Arante-Isita, kababaihang kadre at pinuno sa Batangas**

Iginagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido Komunista ng Pilipinas, Eduardo Dagli Command BHB-Batangas at sampu ng mga rebolusyonaryong mamamayan ang pinakamataas na pagpupugay at pulang saludo sa kadakilaan ni Junalice Arante-Isita (Ka Enya, Ka Arya, Ka Ali, Ka Irene, Ka Fabian at Ka Beata). Napaslang siya kasama nina Bernardo Bagaas (Ka Mamay, Ka Mike at Ka Jhonpol) at Erickson Cueto Bedonia (Ka Ricky/Vale), mga tunay na anak ng Batangas, noong Marso 26, bandang ala-sais pasado ng umaga sa Brgy Elvita (Tubahan), Rosario, Batangas.

Nakakaramdam tayo ng matinding kalungkutan at panghihinayang sa kanilang pagpanaw. Hindi matatawaran ang kanilang ambag sa pagsusulong ng rebolusyon sa probinsya. Patuloy na mananahan sa ating puso ang kanilang pamana't tagubilin sa kasama't masang kanilang minahal at pinaglingkuran. Sa pagpapatuloy sa kanilang naiwang tungkulin, maigagawad natin ang pinakamataas na pagdakila at pagpupugay sa kanila.

Nais naming ipaabot ang taos-pusong pakikiramay sa kanilang mga kaanak; sa pamilya ni Ka Beata laluna sa kanyang mahal na ina at mga anak, sa lahat ng mga nagluluksang kasama, mga masa't kaibigan.

Tubong Lipa City, Batangas at mula sa uring petiburgesya si Ka Beata. Isa siyang mahusay na manunulat at makata. Naging tanyag sa probinsya at rehiyon ang kanyang mga akda sa ngalang Adel Serafin, Belinda Bukirin, Ka Minda at Ka Enya na matatagpuan sa iba't ibang publikasyon ng Partido sa Timog Katagalugan. Naghatid ang kanyang mga akda ng inspirasyon, pumukaw at nagpaantig sa puso't damdamin ng masa. Masipag din siyang magturo at magbigay ng pag-aaral sa palihan sa sining at panitikan.

Mapagmahal na ina at isang mabuting anak si Ka Beata. Palagi niyang kinasasabikang makita, makapiling, mayakap at maasikaso ang kanilang mga anak. Sinikap nyang maging matatag at sa bawat panahong dinadalaw siya ng pangungulila, gumagawa sya ng tula para sa mga bata at sa kanyang mahal na ina na itinatanghal sa mga masa. Ito'y mga tulang nagpaiyak sa maraming ina at anak.

Ipinanganak siya noong Hulyo 18, 1986, panganay sa dalawang magkapatid sa huli. Pinalaki siya ng kanyang magulang na responsable, masipag, matiyaga at matulungin. Sa hirap ng buhay, maaga siyang natutong maghanap-buhay. Kapag walang pasok sa iskwela, naglalako siya ng basahang tinahi ng kanyang ina. Sanay siyang magpasingit-singit sa pagitan ng maraming sasakyan para lang makapagbenta sa mga driver at mananakay habang itinaguyod ng kanyang magulang ang pag-aaral niya. Pinahalagahan niya ang sakripisyo ng kanyang magulang kaya naman nag-aral siya nang mabuti at pumasa sa Lipa Science High School at University of the Philippines - Manila.

Sa pagpasok niya sa kolehiyo, doon siya namulat at nakikilala ang rebolusyon. Naging aktibo siya sa pagkilos sa hanay ng kabataang estudyante at kalauna'y lumabas ng paaralaan upang tumungo at makipamuhay sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Mahusay at lapat na propagandista, ahitador at edukador ng masa si Ka Beata. Matiyaga siyang magmulat, mag-organisa at magpakilos at ipinapaliwanag ang kalagayan ng bayan sa pinakasimpleng paraan, magaan at madaling maunawain. Hindi lang siya naging isang walang-kibong manonood sa kaganapan kung paano ginigipit, inaapi at pinagsasamantalahan ang mamamayan sa iba't ibang sektor. Sa Batangas City pier, kasama at saksi siya kung paano gipitin at pagbawalan ng mga security at opisyal ng Philippine Ports Authority ang mga manininda ng Brgy. Sta. Clara. Dahil dito, sumama siya sa lahat ng mga protesta ng manininda upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa maayos na hanapbuhay. Sukdulan pa hanggang sa mahuli siya kasama kanyang karelasyon at naging asawa at iba pang mga taga-suporta ng mga manininda. Ngunit, hindi siya natinag at nagpatuloy sa pakikibaka.

Nakipamuhay din si Ka Beata sa mga masa sa paaralan, riles, pangisdaan, palengke, tubuhan at iba pa pang dako ng kanayunan, kapiling ang masang anakpawis. Pinangunahan at pinamunuan niya ang laban at pakikibaka ng masa upang ipaglaban at ipagtanggol ang kanilang interes sa buhay at kabuhayan. Saksi siya sa tapang, sama-sama at organisadong pagkilos ng masa upang kamtin ang makabuluhang tagumpay.

Naging malakas na tinig siya ng mamamayan sa pagtatambol ng kanilang mga karapatan. Laging sumubaybay at naghahanap ng mga balita. Matalas niya itong sinusuri at batay dito'y mabilis siyang nakakapaglabas ng sagot at mga pahayag. Palakaibigan siya sa hanay ng media. kaya naman madalas siyang tinutukoy at nai-interview basta't may kaganapan at isyu hanggang sa maging target siya ng panggigipit ng estado.

Pataksil na ginamit ng estado ang kanyang pamilya para papanghinain, supilin at kitlin ang kanyang adbokasiya. Ngunit nabigo ang estado, dahil pinili ni Ka Beata na tumindig sa tama para sa interes ng nakararami at pinakamamahal nyang masa— ang tanging nagbibigay sa kanya ng inspirasyon upang humugot ng lakas ng loob at maging matatag. Ika nga nya, “Kapag nasa krisis tayo, lagi lang nating balikan ang tanong na ‘para saan’ at ‘para kanino’ tayo.” Iisa at tiyak na tiyak ang kaniyang sagot palagi: PARA SA MASA!

Taong 2015, nagpasya siyang tahakin ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka at iwan ang kanyang noo'y nag-iisa pang anak. Ubos kayang niyang iniambag ang kanyang husay, talino at lakas para sa pagsusulong ng armadong rebolusyon. Bagamat noong unang bahagi ay sinukat din ang kanyang tapang, tatag at paninindigan, iwinaksi niya ang mga negatibong kaisipan at sinabing, “Kapag pinili mo ang rebolusyon, dapat buung-buo! Wala ka nang ititira.” At pinatunayan niya ito bilang masasandigan at maasahang kadre at opisyal ng BHB.

Makailang beses niyang pinangunahan ang mga kilusang masa at pagpapasigla ng pakikibakang masa sa Batangas. Nanguna siya sa pagmumulat at pagpapakilos sa masa hinggil sa malalaki at makawasak kabuhayan at tirahang mga proyekto katulad ng Geothermal Power Plant ng Aboitiz sa Taysan, Lobo, Rosario at San Juan; ang dambuhalang mina sa Lobo ng

Bluebird Ventures Inc.; ang Vaccine Plant na itatayo ng Glovax sa Taysan; ang extension ng Batangas Pier; ang bagong Liquified Natural Gas Plant ng pinagsanib na Aboitiz, San Miguel Corp. at Meralco; at kayrami pang iba na pinapakanang itayo dito sa probinsya. Laging nasa unahan nito ang pagtatanggol sa kabuhayan ng masang anakpawis kagaya ng mga manininda, mga mangingisda at mga magsasaka sa mga hacienda sa probinsya.

Nakaguhit na sa kasaysayan ng Batangas ang mapangahas at malaking ambag ni Ka Beata sa pagpapalawak at pagbutas sa mga eryang napakatagal ng hindi nababalikan,kahit ng mga nauna pang yunit ng BHB. Saksi ang masa sa kawastuhan ng isinusulong na linya ng Partido sa pamamagitan ni Ka Beata. Naging mahusay siyang instrumento para mapatibay ang laban ng masang Batangueño para sa kabuhayan, tirahan, lupa, at karapatan. Hanggang ngayon, patuloy na tinatamasa ng masang anakpawis ang mga tagumpay na ito.

Nagsikap si Ka Beata na patuloy na ipalaganap ang rebolusyon sa Batangas hanggang sa balikan ang mga naiwanang lugar. Hinawan niya ang bagnos ng mga unang kasama at malinaw ang dreksyon ng iniwanan niyang bakas para sa mga susunod na rebolusyonaryo.

Pilit na pinipigilan ng reaksyunaryong estado at AFP-PNP-CAFGU ang pagkalat ng apoy ng pakikibaka sa probinsya. Pinasinsin nila ang mga focused military operations upang itaboy ang BHB palayo sa masa. Desperasyon nila ito sa presensya ng BHB at patuloy na pagdaluyong ng kilusang masa sa probinsya. Bunga nito, kinaharap ng mga yunit ng BHB sa Batangas ang hambalos ng atake ng estado. Kinaharap ni Ka Beata at ng yunit ng BHB na kanyang pinamumunuan ang mabigat na hamon, buhay na batbat ng matinding kahirapan at mga sakripisyo. Ngunit kailanman ay hindi natinag at naglubay ang kanyang mataas na diwa. Hindi nagapi ang kanyang dedikasyon at optimismo, taglay ang puhunang lakas ng loob at kapangahasan upang makapagpunyagi, makapanatili, makapagpatatag at makapagpalawak.

Napakatibay ng paninindigan ni Ka Beata sa katatagan at sakripisyo. Iniambag niya ng buung-buo ang kanyang sarili sa armadong pakikibaka para hawanin at likhain ang maaliwalas na kinabukasan para sa maraming bata, tulad ng kanyang mga anak at para sa susunod pang henerasyon. Iniwan niyang mensahe sa mga kasama ang: kung titiklop tayo sa panunupil, hindi natin magagawang ipagtanggol ang kinabuksan ng ating mga anak na walang habas ngayong winawasak ng ganid at sakim na estado.

Dapat gawing inspirasyon ang buhay ni Ka Beata upang isulong at payabungin ang rebolusyon. Sa gitna ng buhay at kamatayang pakikibaka laban sa ganid na naghaharing uri at pasistang estado, malinaw na ang landas ng rebolusyon ang tanging landas na tutunguhin ng mamamayan sa lalawigan upang maipagtagumpay nito ang pambansa demokratikong pakikibaka para sa lupa, karapatan at kabuhayan tungo sa ganap na pagtatatag ng tunay na demokratikong gubyernong bayan sa isang lipunang ganap na maunlad at makatarungan.


Mabuhay ang makabagong kababaihan at rebolusyonaryong ina!

Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

**ISAGANI “KA RINGO” ISITA**
tubong Padre Garcia
Namartir noong Hulyo 30, 2023




Gregorio Caraig
Tagapagsalita
Eduardo Dagli Command - NPA Batangas
01 Agosto 2023

**Itanghal at Pagpugayan ang Kabayanihan ni Kasamang Isagani 'Ka Ringo' Isita!**

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Eduardo Dagli Command New People's Army (NPA) Batangas kay Isagani 'Ka Ringo' Isita na namartir matapos walang habas na paslangin sa isang reyd ng magkasanib na elemento ng AFP at PNP sa Brgy. Lutucan Malabag, Sariaya, Quezon noong madaling araw ng Hulyo 30, 2023.

Labis na nagpupuyos ang kalooban ng rebolusyonaryong mamamayan ng Batangas at Central Quezon sa walang pakundangang paglabag ng pasistang AFP at PNP sa internasyunal na makataong batas matapos na walang awa nilang paslangin si Ka Ringo. Ipinapakita lamang nito ang desperasyon ng estado na maghasik ng teror sa hanay ng nakikibakang mamamayan upang makapangibabaw ang kanilang mga ganid na pansariling interes sa yaman at kapangyarihan.

Gayunpaman, nagtagumpay lamang silang utangin ang katawang lupa ni Ka Ringo, ngunit mananatiling imortal ang kanyang diwang mapanlaban, katatagan, husay at kasigasigang ipinamalas bilang magiting na kadre ng Partido Komunista at isa sa mga kumander ng New People's Army sa lalawigan ng Batangas.

Ka Ringo: Rebolusyonaryo, Idolo ng maliliit na tao

Tubong Brgy. Banaba, Padre Garcia si Isagani 'Ka Ringo' Isita. Karpintero ang kanyang ama na maagang binawian ng buhay dahil sa sakit habang karaniwang maybahay lamang ang kanyang ina.

Sa murang edad, nasabak na siya sa paghahanapbuhay dahil sa kahirapan. Pagkagradweyt pa lang ng elementarya, namasukan na siya sa isang talyer bilang helper. Dito siya natutong mag-welding at magmaneho ng iba't ibang klase ng sasakyan. Kalaunan, napasama siya sa iba't ibang raket o odd jobs tulad ng pagiging empleyado ng jueteng, peryante at komite sa basketball. Palibhasa'y iba-ibang lugar ang nararating at iba't ibang klase ng tao ang nakakasalamuha, dito nahubog ang mga katangian niyang madiskarte, mapaggiit at hindi basta-basta nagpapaapi.

Ito rin ang mga positibong katangiang ipapamalas at magagamit niya nang lubos sa mga pangunahing gawain na ginampanan niya sa loob ng kilusan.

'Idol' kung tawagin ng kanyang mga katropa si Ka Ringo. Palibhasa, sa dami nilang kabataan na naorganisa sa baryo, siya na lamang ang natirang nagtuloy-tuloy sa pagkilos at mapagpasyang nakahulagpos sa impluwensya ng burgis at pyudal na kultura.

Punong-puno ng passion at ahitasyon sa gawain si Ka Ringo. Gusto niya ay laging masigla at mataas ang energy ng nga kasama. Ayaw niya ng matamlay at mabagal. Madalas, mapapagkamalan itong simpleng 'ligalig' ng mga kasama. Pero ang totoo, nag-uumapaw ang entusyasmo niya sa maraming bagay. Masigla, matalas at direkta sa punto kung magbigay siya ng mga pagtingin at ideya sa mga usapin kaya di maiwasan na mapatunggali siya sa mga kasama. May kabagalan man bago niya makatas ang punto ng mga kasama, mapagpakumbaba naman niyang inaako ang kanyang kahinaan matapos matukoy ito.

Taong 2000, nagsimulang maging aktibista sa baryo si Ka Ringo. Naging bahagi sila ng masisiglang organisasyon ng kabataan na itinayo upang sawatahin ang lumalaganap na impluwensya ng masamang bisyo sa baryo kaalinsabay ng pagmumulat sa kanilang kamalayang pampulitika. Naging bahagi sila ng masiglang kilusang kabataan-estudyante na nakalahok sa pagpapatalsik kay Erap hanggang sa malalaking Lakbayan ng mamamayan sa Timog Katagalugan na sumalubong ng pagkundena sa pagbisita ni George Bush sa Pilipinas.

Naging bahagi rin siya ng matatagumpay na pakikibaka ng mamamayan ng Batangas laban sa malalaking banta ng demolisyon at dislokasyon sa kabuhayan. Nakalahok siya sa malalaking mobilisasyon ng mga maralita ng Sta. Clara sa Kamaynilaan na umaabot ng 50 jeep ang sama-samang lumuluwas upang igiit sa Philippine Ports Authority ang kanilang karapatan sa kabuhayan. Naging kabahagi rin siya ng makasaysayang pagbigo sa proyektong spa ng Jung Ang sa Lawa ng Taal na nakaamba sanang magpalayas sa libu-libong magsasaka at mangingisda sa lugar.

Propagandista ahitador si Ka Ringo. Kahit NPA na siya, para pa rin laging nagsasalita sa entablado kung magpahayag ng mga rebolusyonaryong mensahe si Ka Ringo. Madalas na pumupukaw ng damdamin ang kakaibang diin at kaseryosohan niya kapag nagsasalita.

Pero mas maraming pagkakataon na kuwela, mapagbiro at masayang kasama si Ka Ringo. May sarili siyang paraan ng pagbati at pagpapasaya sa mga kasama at sa masa. May sarili din siyang paraan ng pagpapakita ng malasakit sa mga kasama kabilang na ang pagpapaluto ng paboritong pagkain kapag alam niyang pagod o katatapos lang sa isang mabigat na gawain o sitwasyong kinaharap ang mga kasama.

Higit sa anupaman, tampok kay Ka Ringo ang kanyang matatag na paninindigan para sa rebolusyon. Marami na siyang pinagdaanang krisis sa iba't ibang aspeto ng kanyang buhay bilang rebolusyonaryo. Ilang beses nang nanganib ang kanyang buhay at halos mabalda na sa tindi ng pinsalang tinamo niya sa mga dinanas na labanan. Dumanas rin siya ng krisis sa pamilya. Nagkasakit nang malubha hanggang sa mamatay ang kanyang ina na hindi siya nakasilip o nakatawag man lang. Tiniis din niya ang napakahabang panahon na hindi nakapiling o nakita man lamang ang pinakamamahal niyang mga anak dahil sa tindi ng atake at pagbabanta ng kaaway sa kanyang buhay. Kung ilang beses siyang pinagtangkaang pasukuin ng pasistang kaaway. Pero sa halip na magpatigil ito sa kanya, lalo lamang nitong sinindihan ang kapasyahan niyang magpatuloy at ilaan na nang buong-buo ang kaisa-isa niyang buhay para sa rebolusyon.

Sa tuwing magbabalik-tanaw si Ka Ringo sa kanyang buhay, lagi ninyang sasabihin na kung hindi siya naging NPA, posibleng napariwara ang kanyang buhay dahil sa tindi ng impluwensya


lipunan, nagawa niyang talikuran ang lahat ng ito at sa halip ay inialay ng buong buo ang kanyang kakayahan, talino at lakas para sa pagpapalaya at pakikibaka ng masang anakpawis hanggang sa anihin niya ang pagrespeto at pagkilala ng mga kapwa niya karaniwang tao na inaapi at pinagsasamantalahan ng namamayaning sistema.

Sa labis na desperasyon ng pasistang kaaway, gumamit ito ng iba't ibang pakana ng karahasan, panlilinlang at pang-iintriga upang tangkaing mahugot kundi man mapalubay ang dakilang pamumuno ng Partido Komunista sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa Batangas.

Pero katawang lupa lamang ni Ka Ringo ang naibuwal ng kaaway ng sambayanan. Kailanman, hindi na nila mabubura pa ang imahe ng NPA na bayani at iniidolo ng masang anakpawis bilang tangi nilang kakampi at kasangga laban sa ganid na estado at naghaharing uri - imahe na laging maalala at nakapagkit sa isip ng sinumang nakakilala, nakasama at nakasalamuha ni Ka Ringo sa mahigit dalawang dekada ng kanyang buhay na inialay para sa rebolusyon.

NPA: Bayani, Idolo ng Masa!
AFP-PNP: Berdugo, Kaaway ng Sambayanan!
Mabuhay ang Kadakilaan ni Isagani 'Ka Ringo' Isita!
Mabuhay ang CPP-NPA-NDF!
Sumapi sa NPA! Lumahok sa Digmang Bayan!

**BABY JANE "KA BINHI" ORBE**
tubong Taguig City, Metro Manila
Pebrero 23, 1997 -Disyembre 17, 2023




Pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas-Timog Katagalugan

**Dakilain ang rebolusyonaryong buhay at pakikibaka ni Ka Binhi, rebolusyonaryong kabataan, artista at kadre ng Partido**

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas-Timog Katagalugan kay Baby Jane "Ka Binhi/ Amlay" Orbe, artista ng bayan at huwarang kababaihan, batang Kadre ng PKP at pinuno ng Hukbong Bayan sa Kanlurang Batangas. Namartir habang magiting na lumalaban sa pasistang militar si Ka Binhi noong Disyembre 17, 2023 sa Brgy. Malalay, Balayan, Batangas. Hindi kaagad nakuha ang kanyang bangkay sa kabila ng pagsisikap ng mga kapamilya, mga grupo sa karapatang pantao, at mga lokal ng Balayan. Narekober ang kanyang bangkay noong Pebrero 14, 2024, sa isang tubuhang ilang distansya ang layo sa pinangyarihan ng madugong labanan noong Disyembre.

Tubong Taguig City, nagmula si Ka Binhi uring petiburgesya. Ang kanyang mga magulang ay Waray pero sa Maynila na lumaki sa piling ng kanyang lola. Panganay at nag-iisa siyang babae sa kanilang magkakapatid. Nakapagtapos siya ng kursong BA Theater Arts sa Polytechnic University of the Philippines (PUP-Sta.Mesa). Naorganisa siya sa isang grupong pangkultura sa eskwelahan noong 2015. Mula noon, naging aktibo siya sa mga pangkulturang aktibidad at nakalahok sa mga dulang produksyon kabilang ang Daluyong—isang pahinumdom tungkol sa Bagyong Yolanda. Dito siya tuluy-tuloy na namulat at kalaunan ay sumama sa mga kilos-protesta sa lansangan hanggang sa marekluta sa Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), isang lihim na organisasyong pambansa-demokratiko ng mga artista ng bayan.

Taong 2017 ay naging kasapi siya ng Partido at gumampan ng mga susing tungkulin sa kinabibilangang Grupo ng Partido hanggang sa maging kalihim siya nito noong Abril 2017-Marso 2019, nang nagpasya siyang makipamuhay nang matagal-tagal sa isang yunit ng BHB sa Quezon. Bago nito, nakadalo siya sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng PKP sa isang larangan sa Timog Katagalugan at nangakong muling babalik para mag-TOD.

Sa kanyang pagbalik bilang TOD noong Marso 2019, tuluy-tuloy nang kumilos sa kanayunan si Ka Binhi at kalauna'y sumampa bilang Pulang mandirigma noong Setyembre 2019. Gumampan siya ng iba't ibang tungkulin sa Hukbo—giyang pampulitika ng yunit sa gawaing masa, opisyal sa lohistika (P4 ng platun).

Huling bahagi ng 2020 nang naitalaga siya bilang Instruktor Pampulitika (PI) at kalihim ng yunit ng Hukbo na muling magbabalik sa Kanlurang Batangas. Sa kabila ng kanyang mga agam-agam sa panibagong adjustment sa bagong erya at mga kasama, walang pag-aatubiling tinanggap ni Ka Binhi ang atas at hamon ng Partido taglay ang rebolusyonaryong optimismo. Mahusay niyang pinamunuan ang yunit katuwang ang mga Pulang kumander at mandirigma para epektibong mabalikan at muling makaugat sa baseng masa sa Kanlurang Batangas.

Sa Hukbo, mahusay na ipinamalas ni Ka Binhi ang angking galing bilang artista ng bayan at itinanghal ang rebolusyonaryo at makamasang sining para sa laksa-laksang mamamayan ng kanayunan. Ginamit niya ang kanyang talino't kakayahan upang pamunuan at patatagin ang yunit na kinabibilangan at baseng kinokonsolida at pinagpapalawakan. Larawan siya ng katatagan na kahit sa panahon ng krisis, hindi siya makikitaan ng panghihina ng loob bagkus ay siya mismo ang nag-aangat sa diwa ng mga kasama at masa. Masayahin siya at punumpuno ng rebolusyonaryong optimismo na nakakahawa sa mga kasama at masang nakakasalamuha niya.

Bilang batang pinuno, masusi at matiyaga niyang pinag-aralan at inalam ang kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa tubuhan, mga magsasakang inaagawan ng lupa, ang kulturang Batangueño upang epektibong mailapat ang mga plano at programa ng Partido sa probinsya at buong bansa. Naturol niya ang kalagayan at interes ng masang kanyang pinaglilingkuran kaya naman mabilis niyang makapalagayang-loob ang mga ito. Mapagkumbaba rin siyang humihingi ng tulong sa mga nakatataas na kadre at komite ng Partido sa tuwing may kinakaharap na mga suliranin at balakid sa proseso ng pagpapatupad ng kanilang plano at programa. Ganito rin siya sa opinyon at puna ng masa at mga kasama--kadre man o karaniwang mandirigma. Ang kanyang pagiging bukas sa mga kapunahan at obserbasyon ang higit na nagpanday sa kanya bilang isang mahusay na batang pinuno ng Partido.

Sa kanyang kahusayan at katatagan naitalaga siya bilang kadreng pamprobinsya at naging mahalagang bahagi ng komite ng Partido sa Probinsya ng Batangas noong 2021.

Taong 2023 naging kasintahan niya ang kapwa kadre't opisyal ng Partido at BHB sa yunit na si Joy "Ka Kyrie/Terrence" Mercado at tumanaw sa pagbubuo ng isang matatag na rebolusyonaryong pamilya sa hinaharap. Kasama niya itong nabuwal sa magiting na pakikipaglaban sa mga pasistang militar noong Disyembre 17.

Sa harap ng krisis na ibinunsod ng pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro (CADPI) na pinakamalaking iluhan ng tubo sa Timog Katagalugan noong huling bahagi ng 2022, dinamayan niya at ng kanyang yunit ang masang Batangueño at ginabayan sa kanilang pagkilos at pakikibaka para singilin ang estado at pamilyang Roxas sa ginawa nilang pagmasaker sa kabuhayan ng libu-libong masang nakaasa ang kabuhayan sa tubo.

Nararapat na itanghal si Ka Binhi bilang isang huwaran at dakilang Pulang mandirigma at kadre ng Partido na malalim na nakaugat sa mamamayan ng Quezon at Batangas na kailanman ay hinding-hindi siya malilimutan. Ang dugong idinilig niya at ng mga kasama at masang nabuwal sa labanan sa Malalay, sampu ng iba pang martir sa Batangas ang higit na nagpapayabong sa mga punla ng rebolusyonaryong paglaban sa lahat ng dako ng probinsya.

Dakilain ang buhay at alaala ni Ka Binhi!
Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mabuhay ang BHB!
Kabataan at artista ng bayan, paglingkuran ang sambayanan!

**JOY “KA KYRIE” MERCADO**
tubong Gen. Luna, Quezon
Namartir noong Disyembre 17, 2023



Partido Komunista ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Enero 4, 2024

**Joy "Ka Kyrie" Mercado, batang kumander at kadreng militar ng BHB**

Nagmula sa uring magsasaka ang 25-taong gulang na binatang si Ka Kyrie. Pang-apat sa anim na magkakapatid, bata pa lamang ay namulat na siya sa bangis ng pang-aapi ng pasistang estado sa katulad nilang mga magbubukid. Saksi ang rebolusyonaryong pamilyang Mercado sa walang habas na paglabag ng berdugong AFP sa karapatang tao sa ilalim ng Oplan Bantay Laya I ng rehimeng US-Arroyo. Mula sa Brgy. Malaya sa malayong bayan ng General Luna sa Quezon, itinulak ang kanyang pamilya patungo sa isang komunidad ng mga magsasaka sa Cavite dulot ng panggigipit ng militar sa kanyang mga magulang. Sa kanilang nilipatan, higit niyang nagagap na hindi lang pala sila kundi napakarami pang mga magsasaka at katutubo ang pineperwisyo ng pasistang militar. Kasabay ng kanyang paglaki ay ang unti-unting pagkamulat sa lipunan sa tulong na rin ng kanyang rebolusyonaryong pamilya.

Hindi na nagtagal sa pagkilos sa legal na demokratikong kilusang masa si Ka Kyrie, sapagkat maaga niyang napagtanto na ang armadong rebolusyon ang pangunahing landas sa ganap na paglaya ng mga magsasakang katulad ng kaniyang pamilya at ng iba pang aping uri at sektor mula sa pagsasamantala. Sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan sa isang larangang gerilya sa rehiyon noong 2017, dalawang taon matapos maunang sumampa ang kanyang nakatatandang kapatid na si Jay-ar "Ka Sander" Mercado na namartir sa isla ng Mindoro noong 2020. Sa loob ng Hukbo, nakita kay Ka Kyrie ang mahigpit na pagtangan sa disiplina at kasigasigan sa pagkilos, gayon din ang husay sa gawaing politiko-militar. Umunlad siya bilang isang terrain master at giyang pangkombat sa loob ng BHB. Magiliw din sa masa at mahusay sa pagpopropaganda si Ka Kyrie kaya naman mabilis niyang nakakapalagayang-loob ang masa lalo't turol niya ang kalagayan at interes nito. Bagaman likas na tahimik, hindi rin nagdadalawang-isip na makipagtalakayan at makipagbiruan si Ka Kyrie sa mga bagong mandirigma at bisita sa kanilang yunit. Ni minsan ay hindi siya kinakitaan ng panghihina ng loob, bagkus ay pagmamalasakit at paggalang sa kanyang mga kapwa opisyal at mandirigma.

Sa kasagsagan ng labanan na kanyang ikinamartir, hanggang sa kanyang huling sandali ay kapakanan ng mga kasama't masa ang kanyang inalala. Binuhat pa niya ang noo'y sugatan pa lamang na si Ka Ilaya bago muling bumugso ang putukan. Hanggang sa kanyang kamatayan, hindi inisip ni Ka Kyrie na sumuko sa kaaway kahit may tama na siya ng bala. Natagpuan ang kanyang mga labi humigit-kumulang kalahating kilometro mula sa sentro ng engkwentro. Siya ay tumatayong Iskwad lider at pana-panahong Giyang Pampulitika nang mamartir.

Mula Malaya hanggang Malalay, mula Quezon tungong Batangas, ipinamalas ni Ka Kyrie ang di-magagaping diwa ng isang huwarang rebolusyonaryo, Pulang kumander, at komunista na habang-buhay paghahalawan ng aral at inspirasyon ng masang inaapi.

**Alyssa “Ka Ilaya” Lemoncito**
mula sa Sta. Rosa, Laguna
Enero 31, 2003-Disyembre 17, 2023



Partido Komunista ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Enero 4, 2024

## Allyssa "Ka Ilaya" Lemoncito, huwarang kabataang kababaihan at Pulang mandirigma

Unang namulat si Ka Ilaya noong 2019 sa gitna ng krisis na nararanasan ng mga katulad niyang kabataan-estudyante dulot ng mga neoliberal na polisiya ng estado sa edukasyon. Ganap siyang naorganisa noong 2020 sa organisasyon ng mga kabataang kababaihan sa kanilang probinsya at kalauna'y naging kasapi ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA, ang lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng kababaihan. Dito ay gumampan siya ng gawaing propaganda.

Disyembre 2021 nang dumalo sa Ka Ilaya sa pagdiriwang ng ika-53 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa isang larangang gerilya sa rehiyon. Mula nito ay hindi na siya bumaba, bagkus ay nagdeklara bilang buong-panahong kasapi ng BHB. Sa loob ng Hukbo, siya ay gumampan ng gawang pampulitika at naging aktibong katuwang sa pagbibigay ng mga pampulitikang edukasyon sa hanay ng masa at mga kasama. Masiyahin at magiliw si Ka Ilaya sa mga masa at kasama. Sa kabila ng mga hatak ng nakasanayang buhay at burgis na kultura, mas pinili niyang magpatuloy sa pagkilos sa piling ng masang api at maging katuwang nila sa pakikibaka para sa kanilang karapatan at kagalingan. Kabilang si Ka Ilaya sa mga kasamang matiyagang naglunsad ng gawaing pagsisiyasat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga eryang tubuhan lalo na sa mga maggagapak sa kalagitnaan ng matinding panggigipit sa kabuhayan na dinanas ng mga magbubukid matapos ang di-makatarungang pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro sa Nasugbu.

Namartir siya sa edad na 20. Naiwan niya ang kanyang mapagmahal na mga magulang at nakababatang kapatid. Hanggang sa kamatayan ni Ka Ilaya, pinanindigan niya ang pagiging militanteng kababaihan at magiting na lumaban sa pasistang kaaway na pumipinsala sa masang kanyang minamahal. Ang buhay ni Ka Ilaya ay magsisilbing bukas na libro para sa mga kababaihan at kabataang nais na ganap na umalagwa mula sa diskriminasyon at pagsasamantala sa pamamagitan ng pagpapalaya sa uring anakpawis.

**Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta**
tubong Dolores, Eastern Samar
Hulyo 19,1997-Disyembre 17, 2023




Partido Komunista ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Enero 4, 2024

**Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta, militanteng artista at manunulat ng bayan, medik ng mamamayan**

Nagmula naman sa pamilya ng panggitnang magsasaka sa isla ng Samar si Ka Komi. Mula sa uring petiburges, siya ay naorganisa sa kolehiyong kanyang pinasukan sa kasagsagan ng pakikibaka ng mga estudyante upang igiit ang kanilang karapatan sa makabuluhan at abot-kayang edukasyon. Mula sa pagkilos sa hanay ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante, kumilos nang buong-panahon si Ka Komi sa pambansang kabiserang rehiyon (NCR) hanggang sa maging kadreng pandistrito ng Partido sa kanilang erya. Kalaunan ay kumilos din siya sa hanay ng mga manggagawa.

Pebrero 2022, nagpasya si Ka Komi na tumungo sa kanayunan upang makipamuhay sa BHB. Tatlong buwan lamang ang lumipas, noong Mayo ay nagdeklara na siyang pultaym o buong-panahong Pulang mandirigma sa isang kapihan o pagtitipon na inihanda ng kanyang yunit para sa masa. Sa loob ng hukbong bayan, naging aktibong katuwang si Ka Komi sa gawaing pampulitika sa hanay ng masa at mga kasama. Mahusay siyang gumampan ng gawaing pagsisiyasat, pagbibigay ng pag-aaral at pagsulat ng mga pahayag hinggil sa mga isyu ng masa sa mga eryang kanyang nakilusan. Naging bahagi siya ng Pulang Bandila at gumampan ng gawaing pangkultura sa loob ng BHB. Naging bahagi rin siya ng pamatnugutan ng LAGABLAB, ang panlalawigang pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Batangas. Si Ka Komi ay nagpakita ng kasigasigan at sinop sa paggampan sa rebolusyonaryong gawain, gayundin ng katatagan sa paninindigan para sa rebolusyon. Buo din ang kanyang pagsisikap na imulat ang kanyang pamilya sa buhay na kanyang pinili. Hanggang sa kanyang huling sandali ay hindi niya iniwan ang kanyang kapatid na si Pretty Sheine na nahimatay nang pumutok ang labanan.

Maaalala natin si Ka Komi bilang magiliw, matapang, at mahusay na medik at mandirigma ng mamamayan. Sa kabila ng maalwang buhay na kinasanayan, pinili niya ang landas na punong-puno ng sakripisyo at hirap alang-alang sa pagsisilbi sa interes ng masang inaapi at

**Maria Jetruth "Ka Orya" Jolongbayan**
tubong Calaca, Batangas
Hunyo 25, 1990-Disyembre 17, 2023



Partido Komunista ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Enero 4, 2024

**Maria Jetruth "Ka Orya" Jolongbayan, dakilang ina, kadre ng Partido at opisyal ng BHB**

Tubong Calaca, Batangas at nagmula sa pamilya ng mga magsasaka sa tubuhan ang 33-anyos na inang si Ka Orya, na kilala rin sa mga pangalang Ka Seven, Astra, Amay, at Ailin. Pangalawa sa apat na magkakapatid, bata pa lamang ay nakikita na niya sa kanilang tahanan ang mga kasama na bumibisita at naggagawaing masa sa kanilang pookan. Nakalakihan na niya ang maningning na kasaysayan ng kanilang baryo sa pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang lupa mula sa panginoong maylupa na kumakamkam nito. Saksi siya sa di-mabubuwag na lakas ng pagkakaisa ng mamamayan hindi lamang para sa pananatili sa lupang sinasaka, kundi upang mai-angat din ang antas ng kanilang kabuhayan at produksyon. Naging trabahador at manggagawa si Ka Orya pagkalabas ng paaralan.

Isang araw noong Marso 2008, pag-uwi mula sa trabaho ay nadatnan niya ang dalawang kasamang Hukbo na bumibisita sa kanilang bahay. Matapos ang sandaling pakikipagtalakayan, sinabihan niya ang isang kasama, "Hindi na ho ako babalik sa trabaho, sasama na ako sa inyo." Mula noon, nagtuloy-tuloy na sa pagkilos Ka Orya at tumangan ng mahahalagang tungkulin sa iba't-ibang erya. Sa maraming pagkakataon sa kanyang labinlimang taon bilang Pulang mandirigma, tumayo bilang Pinunong Panlohistika si Ka Orya. Tumampok sa mga kasama ang mga katangian niyang maingay, masayahin, at determinado. "Purong Batangenya" ika nga, dahil hindi maitatanggi ng kanyang punto at lakas ng pagsasalita ang kanyang lupang tinubuan. Walang malungkot na sandali sa piling niya ang masa at mga kasama. Sa bawat tungkulin at gawain, laging mababakas sa kanya ang buong-pusong kaseryosohan at dedikasyon. Walang balakid at limitasyon ang makahahadlang kay Ka Orya. Mataas din ang pagmamalasakit niya sa mga kasama at sa Partido. Lagi niyang iniisip at inuuna ang kapakanan at pangangailangan ng masa at mga kasama, habang mahigpit na tinitiyak na walang anumang rekurso ng Partido ang maaaksaya. Maraming krisis, hirap at maging sakit na pinagdaanan si Ka Orya sa buong panahon ng kanyang pagkilos bilang kadre ng Partido at BHB subalit kailanman, nanatili siyang matatag at hindi natinag sa paglilingkod sa sambayanan hanggang sa kanyang huling hininga. Naulila niya ang kanyang anak, gayundin ang libo-libong anakpawis na kanyang pinaglingkuran. Ang kanyang buhay at pakikibaka ay magsisilbing sulo para sa laksa-laksang mga ina at kabataan tungo sa isang maliwanag na kinabukasang malaya mula sa pagsasamantala.

**Leonardo "Ka Mendel" Manahan**
tubong Palawan
Pinaslang noong Disyembre 17, 2023

Partido Komunista ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Enero 4, 2024

## Leonardo "Ka Mendel" Manahan, nakatatandang kadre ng Partido at Pulang mandirigma


Tubong Palawan at nagmula sa uring magsasaka ang 62-anyos na si Ka Mendel. Namulat siya sa pakikibaka ng mga magsasaka sa lupa at laban sa mapanirang proyektong pagmimina sa Palawan. Kalakasan niya ang pagsisiyasat at pagsasaliksik, lalo ang pag-alam ng opinyon ng masa sa mga kinakaharap nilang problema.

Kumilos siya sa Palawan bago itinalaga sa Batangas. Sa lalawigan ng Batangas, pangunahin siyang kumilos sa mga eryang tubuhan at pangisdaan at naging kabahagi ng mga gawain sa pag-oorganisa at pag-aangat ng pampulitikang kamalayan ng masa.

Marami nang iniinda si Ka Mendel. Matanda na siya, may mga sakit, at sabog ang direksyon ng mahina niyang pandinig. Gayunpaman, hindi niya hinayaang maging balakid ang mga ito sa kanyang dakilang interes na pagsilbihan ang mamamayang Pilipino.

Mula Palawan hanggang Balayan, isinulong ni Ka Mendel ang rebolusyon ng uring anakpawis hanggang sa kanyang kamatayan. Ang kanyang katatagan sa kabila ng kanyang edad at kalusugan ay magsisilbing inspirasyon sa bawat kabataang komunista upang mas mahigpit na panghawakan ang kanilang sinumpaang tungkulin sa mga mamamayan.

**Bernardo “Ka Mike” Bagaas**
mula sa Cuenca, Batangas
1970-Marso 26, 2024




Komiteng Probinsya
Partido Komunista ng Pilipinas - MLM
Lalawigan ng Batangas
Abril 26, 2024


**Bernardo "Ka Mike" Bagaas, batikang mandirigma ng BHB, anak ng kilusang masa sa palengke ng Cuenca**

Nang magsimula ang banta ng demolisyon at pagsasapribado sa palengke ng Cuenca noong 2009 sa pangunguna ng ITHIEL Corporation, nagsimula rin na umusbong ang pampulitikang kamulatan ng maninindang si Bernardo Bagaas. Naging bahagi siya ng pakikibaka ng mga mamamayan upang ipagtanggol ang kanilang kabuhayan at labanan ang mga mapagsamantalang patakaran na ihuhudyat ng pribatisasyon ng kanilang palengke. Biktima ng atake ng estado si Ka Mike. Dahil sa sigla ng kanilang makatuwirang pakikibaka, isa siya sa mga pinagbintangan ng estado na pumatay sa isang security guard at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Dahil dito, napilitan siyang sumampa sa BHB upang ipreserba ang kanyang seguridad at buhay. Hindi kalaunan, walang pag-aalinlangang nagpahayag ng pagpupultaym sa Hukbo si Ka Mike sa kabila ng kanyang edad.

Sa BHB, gumampan siya ng iba’t ibang gawain. Dahil tunay na nag-ugat at lumaki sa Batangas, laging nakukuha ni Ka Mike ang loob ng masang nakakasalamuha niya. Kabisado niya ang kahirapang kinahaharap at bawat gawain ng masa, mula sa produksyon, iba't-ibang trabaho, maging ang mga libangan ng mga ito, kaya naman lagi't lagi siyang hinahanap ng masa. Palabiro, madaldal, at madaling makapalagayang-loob – ito ang kanyang mga katangiang lubusan niyang nagamit sa pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa mamamayan ng kanayunan para sa kanilang demokratikong interes. Sa kabila ng mga krisis na hinarap lalong-lalo na hinggil sa kanyang naiwang pamilya, lagi't laging nangingibabaw ang rebolusyonaryong diwa ni Ka Mike na isakripisyo ang mga pansariling interes upang pagsilbihan ang nakararami.

Ang kanyang determinasyon at kapasyahan ay magsisilbing sulo na tatanglaw sa landas ng milyon-milyon pang kagaya niyang karaniwang tao.

**Erickson “Ka Vale” Bedonia**
mula sa Sampiro, San Juan
2004-Marso 26, 2024




Komiteng Probinsya
Partido Komunista ng Pilipinas - MLM
Lalawigan ng Batangas
Abril 26, 2024

**Erickson "Ka Vale" Bedonia,
matapang, mahusay, at huwarang
kabataang mandirigma ng masang api**

Nagmula naman sa uring magsasaka sa Brgy. Sampiro, San Juan, Batangas ang masigla, maliksi, at matapang na kabataang si Ka Vale. Buhat ng magka-isip,nakakasalamuha na niya ang BHB sa tuwing may yunit na malapit sa kanilang baryo. Nababahagian din siya ng mga rebolusyonaryong pag-aaral kaya naman pagsapit ng kanyang ika-18 kaarawan ay nagpahayag na siya ng pagsampa sa BHB.

Binyag-sa-apoy ang naranasan niya nang salubungin ng Focused Military Operations ng teroristang 59th IBPA ang kanilang yunit noong 2022 na nagresulta sa sunod-sunod na depensibang labanan. Sa loob ng Hukbo, gumampan si Ka Vale bilang opisyal sa lohistika at isa sa mga giyang pangkombat dahil sa natural niyang husay sa tereyn. Masipag, tahimik, at may taglay pang kakulitan bilang bata si Ka Vale. Sa kabila nito, mulat siyang nagsusumikhay na higit pang palalimin ang kanyang pampulitikang kamulatan para sa isinusulong niyang digmang bayan. Walang takot na hinarap ni Ka Vale ang kaaway sa ilan nang labanan na naranasan niya. May pagkakataon pang habang naka-detats sila ng isa pang kasama ay nakasalubong nila ang nag-ooperasyong kaaway. Mabilis na bumunot ng pistola si Ka Vale at ipinutok sa kaaway. Ligtas silang nakaatras habang halos 30-minuto namang nagsayang ng bala ang kaaway. Dahil sa pagkapahiya, ipinakalat ng 59th IBPA sa baryo na tinamaan ng kidlat ang kanilang kaswalti.

Hanggang sa kaniyang kamatayan, tinanganan ni Ka Vale ang susing tungkulin ng kabataan: ang magrebolusyon para sa malayang kinabukasan!

**Gladys Cassandra “Ka George” Mendoza**
mula sa Lopez, Quezon
October 2, 1998-Hunyo 23, 2023



Gregorio "Ka Goryo" Caraig
Tagapagsalita ng Eduardo Dagli Command
Npa-Batangas
July 12, 2024

**GLADYS CASSANDRA "KA GEORGE" MENDOZA: BABAE, MAKATA, REBOLUSYONARYA**

Si Ka George ay mula sa isang rebolusyonaryong pamilya. Ang kanyang mga magulang ay mga kadre ng Partido at mga Pulang Kumander ng NPA. Ang kanyang ama ay isa ring dakilang rebolusyonaryong martir, si Lowel "Ka Bernie" Mendoza.

Ipinanganak si Ka George sa Navotas noong Oktubre 2, 1998. Tubong Lopez, Quezon, siya ay panganay sa apat na magkakapatid. Nakapagtapos siya hanggang 4th year high school. Umalis sya sa kanilang lugar at sinubukang magtrabaho. Ngunit hindi siya nagtagal dito dahil hindi naman siya sanay magtrabaho at mapalayo sa pamilya.

Lumaki silang hindi kapiling ang kanilang magulang. Kaya sa murang edad, madalas niyang hinahanap ang magulang at maraming katanungan sa kanilang kawalan. Lubusan niya na itong mauunawaan nang bisitahin ang kanyang mga magulang sa sonang gerilya. Sa kanyang pagpasok, nakasalamuha at nakakwentuhan ni Ka George ang maraming kasama. Naging saksi siya sa arawang buhay ng NPA, na noo'y may inilulunsad na mga pagsasanay at pag-aaral. Naging interesante siya sa gawaing medikal at pangkultura. Dito siya unti-unting namulat hanggang sa nauunawaan ang kawastuhan ng landas ng armadong pakikibaka.

Pagsapit ng kanyang ika-18 kaarawan, Oktubre 02, 2016, nagdeklara si Ka George ng buong panahong pagkilos sa hukbo. Dito na rin siya nakapagbuo ng sariling rebolusyonaryong pamilya. Naging bahagi siya ng matutunog na taktikal na opensiba sa rehiyon na bumigwas sa kaaway at naggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa mga mamamayang biktima ng kawalang katarungan, pagsasamantala at pang-aapi na ipinagbunyi naman ng lahat ng mamamayan sa rehiyon at sa buong bansa.

Sa walong taong tuluy-tuloy at buong panahong pagkilos at pag-aambag ni Ka George sa rebolusyon, sinukat, pinatatag at pinanday siya ng maraming karanasan, pagsubok at sakripisyo. Kabilang sa pinakangmalalaking dagok sa kanya at sa mga kasama ay ang pagkamartir ng dalawa sa pinakamamahal na tao sa buhay niya— ang pagkamartir ng mahal na kasama't asawa noong 2020 at ng kanyang amang si Ka Bernie noong 2021.

Sa kabila ng mga mapapait na karanasan, sinikap ni Ka George na kumawala sa pagkalunod sa takot, kalungkutan at pagdadalamhati. Matatag niyang ginapi ang kontradiksyon sa sarili. Sabi nga niya, "Aanhin pa ako kung wala naman dito." Ibinaling niya ang kanyang kalungkutan at pagdadalamhati sa hindi matitinag na inspirasyon mula sa kanyang mga mahal sa buhay. Determinado niyang ipinagpatuloy ang kanilang makabuluhang simulain at pinulot ang nabitawang armas upang ipaglaban at ipatanggol ang kapakanan at interes ng masang kanilang minamahal. Taong 2022, nalipat siya ng yunit at gawain sa probinsya ng Batangas at nakiisa sa pakikibaka ng masang magsasaka.

Sa walong taon ng pagiging hukbo ni Ka George, gumampan siya ng gawaing militar at naging Vice Platoon Leader at naging opisyal sa lohistika. Masinop sa mga detalye, masipag at mahusay siyang namumuno at gumagabay sa mga kasama. Gumampan din sya sa gawaing medikal, maasikaso at mapagmalasakit sa kapwa kasama at masa. Hindi lang siya nanggagamot, kundi nagpapayo din sa ikabubuti ng kalusugan at pag-iwas sa pagkakasakit. Ang gawaing medikal ay kanyang natutunan sa kanyang ama nang alagaan nya ito sa panahon ng may malubhang sugat.

Si Ka George ay mahilig sa musika. Natuto siyang maggitara sa pamamagitan ng kanyang ama. Nakahiligan din niya ang paggawa ng tula kung saan inspirasyon niya ang buhay at pakikibaka ng masa. Gumagawa rin siya ng mga tula ng pahanga, pagdakila at pagsaludo sa mga kasamang martir lalo sa kanyang magulang. Siya ang nasa likod ng mga pangalang Ka Nathan at Gabriela Saka sa mga publikasyon ng Partido.

**Royce Jethro "Ka Alex" Magtira**
mula sa Cavite
Setyembre 10, 2002-Hunyo 23, 2023



Gregorio "Ka Goryo" Caraig
Tagapagsalita ng Eduardo Dagli Command
Npa-Batangas
July 12, 2024

## ROYCE JETHRO "KA ALEX" MAGTIRA: MANUNULAT, MUSIKERO, MANDIRIGMA

Si Ka Alex ay ipinanganak noong September 10, 2002, bunso sa apat na magkakapatid, tubong Cavite at mula sa uring panggitnang peti-burgesya.

Nagsimula siyang mamulat noong nasa Senior High School pa lamang siya. Noong Grade 12, namulat siya sa kabulukan ng gobyerno sa kasagsagan ng gera kontra-iligal na droga ni Duterte. Naririndi siya sa paulit-ulit na kwentong "nanlaban" na pinalalabas sa telebisyon. Hanggang sa ma-'tokhang' ang ilan sa mga kakilala niyang hip-hop at rapper.

Simula Marso 2021, lumubog siya sa mga komunidad ng mga maralita hanggang sa nagboluntaryong makipamuhay sa mahihirap sa mga sakahan, palaisdaan, pabrika at iba pang sektor. Naging istrumento siya sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa upang labanan ang naghaharing uri.

Interes ni Ka Alex ang pagra-rap. Sumali siya sa isang pambansa-demokratikong pangmasang kultural na organisasyon upang magamit ang talento sa pagsusulat para sa progresibong sining at kalauna'y may talas na rebolusyonaryong kultura at sining. Laging nagtatanghal sa mga pagkilos, kilala siyang mahusay mag-rap, umawit, at lumikha ng mga orihinal na komposisyon. Madalas din siyang may bitbit na gitara tuwing nag-oorganisa para turuan ng rebolusyonaryong musika ang mga komunidad.

Sumusulat din siya ng mga kwento mula sa kanyang karanasan at buhay ng mga masa. Tampok sa kanyang mga kwento ang pagkakait ng reaksyunaryong gubyerno ng serbisyong panlipunan sa masa. Siya ang nasa likod ng pangalang Katarina Liwayway.

Noong Disyembre 2022, nagpasya si Ka Alex na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka sa selebrasyon ng ika-54 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Batangas. Doon ay ipinagpatuloy nya ang kanyang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Saan man siya magpunta para maggawaing masa, sa mga pagtitipon man at pormal na aktibidad, kakambal na niya ang gawaing pangkultura.

Pansamantala siyang nagpahinga sa gawain sa sonang gerilya nang magkaroon ng sakit sa bato. Hindi sya nagpatinag, nagpagupo at nagpahadlang sa kabila ng iniindang karamdaman dahil alam at tiyak niya ang tagumpay ng kanyang ipinaglalaban. Gumampan siya ng gawaing Edukasyon, Propaganda at Kultura. Sa kanyang direksyon, nalathala ang Lagablab ng Kanluran, isang zine na nagbibigay pugay sa walong martir ng Malalay noong Disyembre 17, 2023.

Karelasyon niya si Ka George na nag-aruga sa kanya noong maysakit. Unang kita pa lamang ni Ka Alex kay Ka George ay nagkaroon na siya ng paghanga sa kasama. Lumaon ang panahon at nagkaroon na rin ng mutwal na pagkakagusto si Ka George sa kanya. Sa kanilang programa, pareho nilang tinatanaw na ilalaan ang kanilang buhay sa pag-aambag sa armadong pakikibaka.

Masigasig ding nagmumulat si Ka Alex sa pamilya. Walang pinapalampas na pagkakataon, sinasamantala niya ang bawat minuto, oras at araw na kapiling ang pamilya upang makapaglinaw sa katumpakan at kahalagahan ng kanyang piniling landas. Sabi nga nya, "samantalahin ang panahon at pakakataon kung ipinahihintulot ng kalagayan at seguridad na magkapaglinaw at makapag mulat sa pamilya habang maluwag pa ang sitwasyon dahil tayo ay pwdeng mawala."

**Jian Markus “Ka Reb” Tayco**
mula sa Cavite
Marso 8, 2003-Hunyo 23, 2023



Gregorio "Ka Goryo" Caraig
Tagapagsalita ng Eduardo Dagli Command
Npa-Batangas
July 12, 2024

**JIAN MARKUS TAYCO:**
**ARTISTA AT HUKBO NG MAMAMAYAN**

Si Ka Reb ay tubo ring Cavite at bunso sa kanilang pamilya. Katulad ni Ka Alex, Senior High School siya nang mapagpasyahang huminto sa burges na pag-aaral upang ilaan ang kaniyang buong panahon sa pag-oorganisa sa mga komunidad at kapwa niya kabataan. Mahilig din siyang mag-rap at magtanghal. Mahusay din siyang sumulat ng mga tula na kanyang nagagamit upang mang-ahita ng masa.

Sila ni Ka Alex ang madalas magkasama sa mga komunidad sa Cavite. Tampok sa mga laban ng masa na kanilang aktibong nilahukan at pinamunuan ang pagtutol sa reklamasyon sa kahabaan ng Manila Bay; pagtatanggol sa karapatan sa lupa ng mga magsasakang Caviteño; at paglaban para sa nakabubuhay na sahod ng mga manggagawa. Higit sa lahat, minumulat nila ang kapwa kabataan upang maging aktibo sa paglahok sa mga laban ng masa at pagtataguyod ng mga karapatang sosyo-ekonomiko.

Sa huling bahagi ng 2021, kasama si Ka Reb sa mga delegado ng mga rebolusyonaryong kabataan estudyanteng galing kalunsuran na lumahok sa selebrasyon ng ika-53 taong anibersaryo ng Partido. Ibayong ligaya ang kanyang naramdaman dahil sa unang pagkakataon ng pagkakakita at integrasyon sa mga NPA. Puno ng kasiglahan si Ka Reb na noon ay 18 taong gulang pa lamang. Sa selebrasyon, mahusay niyang itinanghal ang isang tula dula na nagpapakita ng mga karahasan ng estado tulad ng sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre.

Dahil sa karanasan sa sonang gerilya, nagpahayag siya ng muling pagbalik para sumapi sa Hukbo at buong panahon na kikilos sa kanayunan. Marso 2022, tinupad niya ang kanyang pangakong sasapi na sa Bagong Hukbong Bayan!

Bagama't may kaliitan na kabataan, hindi ito naging hadlang upang pagpursigihan ni Ka Reb ang pag-angkop sa terrain at sa pisikal na sakripisyo bilang hukbo ng mamamayan. Unang araw palang ni Ka Reb sa sona ay mahabang lakaran na agad ang kanyang naranasan na sumubok agad sa kanyang pisikal na kakayahan. Ngunit dahil sa kanyang dedikasyon nagawa niyang lampasan ang kanyang limitasyon, kinaya niyang makasabay sa mahabang lakaran at kayanin ang buhay hukbo.

Nakapagtapos si Ka Reb sa pulitiko-militar na pagsasanay para harapin ang kaaway; at iba't ibang taktika at teknika para linangin ang sarili niyang kakayahan sa pakikidigma. Bilang pagsasapraktika, nakalahok siya sa matagumpay na ambus sa Tagkawayan, Quezon noong

Setyembre 1, 2023. Kumilos si Ka Reb sa Kanlurang Batangas kung saan gumampan siya ng pagiging Giyang Pampulitika o GP, S4 o tagatiyak ng lohistika ng kanilang iskwad, at deputy P4 na nagtitiyak ng lohistika ng buong platoon.

Laging kinagigilawan at kinakatuwaan ng mga masa si Ka Reb dahil sa kanyang husay magpaliwanag sa harap ng masa. Hindi siya mahiyain at magaling magbigay ng pag-aaral sa masa. Dahil sa mga nabanggit niyang katangian, mabilis ang kanyang pag-unlad bilang mahusay na propagandista at edukador. Nabibigyan niya ng tumpak na halimbawa at solusyon ang problema ng masa.

Likas din ang pagiging mapagmahal sa sining ni ka Reb at paggawa ng mga piyesa tulad ng tula at mga rap na naitatanghal niya sa mga kapihan at pagtitipon sa loob ng sona.

Higit na nagsikap si Ka Reb, walang pagod at reklamo sa gawaing inaatas sa kanya. Mataas ang inisyatiba at nangunguna sa gawain lalo na sa masa kahit hindi niya kabisado ang gagawin ay may sarili siyang pamamaraan para tupadin ito. Sabi niya, "hindi uuwi nang walang huli!" Tumaas ang kanyang kakayahan sa pag-alam sa kalupaan at kalaunan ay naging pangunahing giya ng yunit sa maniobra, gabi man o araw na paglalakad.

Bilang kasamang Hukbo, siya ay mabait, maalalahanin, mapagbiro, at makuwento ng kanyang personal na buhay kaya hindi mahirap pakisamahan at katrabaho si Ka Reb. Mabilis matuto at makiangkop kung ano ang mga kairalan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng Hukbo. Kontento kung ano ang mayroon at hindi mapaghanap nang malaki.

Mulat si Ka Reb na bahagi ng tungkulin ng isang rebolusyonaryo ang pagpapatanggap sa kanyang mga magulang at kapatid ng pinili niyang rebolusyonaryong landas. Hangga't may pagkakataon, inuugnayan niya ang kanyang pamilya at ubos kayang nagpapaliwanag tungkol sa kanilang kalagayan. Mahal na mahal niya ang kanyang mga magulang at mga kapatid at lubos ang kanyang kagalakan sa pagmamahal, pagtanggap at suporta ng pamilya.

## Rey “Ka Japet” Delos Santos

mula sa Lopez, Quezon

Oktubre 27, 1994-Disyembre 4, 2024




Komiteng Probinsya ng Batangas-
Partido Komunista ng Pilipinas
Enero 4, 2024

### Paggunita sa ika-1 buwan ng kabayanihan ni Rey "Ka Japet" Delos Santos

*"Hlindi ko man masilayan ang araw ng ating tagumpay, buong buhay iaalay sa alab ng digmang bayan"*
*--mula sa awiting Alab ng Digmang Bayan*

Ginugunita ng Komite ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa Probinsya ng Batangas at ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas ang kabayanihan ni Kasamang Rey Delos Santos, kilala sa pangalan sa pakikibaka bilang Ka Japet.

Tulad ng mensahe ng awiting Alab ng Digmang Bayan, makailang beses niyang naipamalas ang tapang at giting sa gitna ng maraming labanan--depensiba man o opensiba--hanggang sa siya ay napaslang noong Disyembre 4, 2024 sa isang engkwentro sa pagitan ng yunit ng NPA at ng pasistang 59th IBPA.

Si Rey Delos Santos o Ka Japet ay tubong Lopez, Quezon. Bunso siya sa tatlong magkakapatid at galing sa uring magsasaka. Ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng kaniyang pamilya ay ang pagniniyog. Maagang nawala ang kanilang mga magulang kaya naman sa kaniyang nga kapatid siya sumandig sa kaniyang paglaki. Dahil din dito, lumaking tahimik, lumbayin, at mayroong pagkasuplado si Ka Japet. Kwento niya, hindi niya raw kasi alam kung paano makisalamuha sa mga katulad niyang kabataan noon. Noong nawala daw kasi ang kaniyang mga magulang, mga matatanda ang araw-araw niyang kasama.

Ang kanilang baryo ay bahagi ng lugar kung saan nagsasagawa ng gawaing masa ang isang yunit ng NPA-Quezon. Sa proseso, ang kanyang kuya na si Ricky “Ka Ronel” Delos Santos ay nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Naging panimulang daan ito sa kanyang pagkamulat sa armadong pakikibaka. Sa pagsampa sa NPA ng kanyang kapatid, pinaginitan ng militar ang kanilang pamilya kaya napilitan silang umalis sa Quezon. Si Ka Ronel ay

Maraming lugar na nilipatan si Ka Japet. May ilang panahon siyang nanirahan sa Talisay, Batangas at nagtrabaho bilang boatman para sa mga turista sa lawa ng Taal. Pumasok din siya nilang construction worker. Nagtungo din sila sa Pandi, Bulacan. Doon ay naging kasapi ng organisasyon ng mga maralitang lungsod si Ka Japet at naging bahagi ng Occupy Pandi, isang kampanyang okupasyon ng mga tiwangwang na pampublikong pabahay noong 2017.

Noong 2018 ay nasa isang larangang gerilya sa Batangas si Ka Ronel at ninais ni Ka Japet na makabisita sa kaniyang kuya. Mula sa pagbisitang iyon, nakita niya ang kahalagahan ng paghuhukbo at nagpasyang pahabain pa ang kaniyang pagtigil sa mga kasama, hindi na lamang bilang dalaw, kundi bilang isang integri.

Sa panahon ng kaniyang pagtigil sa sona kasama ang kaniyang kapatid, dito pa lamang siya nakatanggap ng mga pormal na pag-aaral. Nakalahok siya sa mga gawaing masa at mayroong aptitud o likas na abilidad para sa mga gawaing militar. Dahil sa kanyang naging karanasan bilang integri sa Hukbo, nagpasya na rin siyang buong panahong kumilos bilang NPA sa probinsya ng Batangas. Sa loob na ng Hukbo narekluta bilang kasapi ng Partido si Ka Japet.

Masigasig at mataas ang inisyatiba sa gawain sa teknikal man o gawaing pampulitika sa hanay ng masa. Tahimik, mabait, masipag, at masiyahin si Ka Japet. Magiliw sa masa at sa mga batang kanyang nakakahalubilo, dahilan upang mahalin siya ng mga ito. Sa patuloy na pag-iintegra sa mga kasama, natuklasan natin na sa kabila ng kaniyang pagiging tahimik at lumbayin, mayroon din pala siyang tinatagong pagkakwela at pagkakulit! Madalas na siyang magkwento sa mga kasama hinggil sa kaniyang mga naging karanasan at naging bukas na siya sa paglalahad ng kaniyang mga ideya para sa mga gawain ng yunit.

Sa loob ng Hukbo, lalong nalinang ang likas na kapasidad niya sa gawaing militar. Noong una ay panapanahong napapasama sa atrisyun team para bumira sa kaaway si Ka Japet. Nang magtagal, mahigpit siyang nakakatuwang ng mga kasama sa pagtuklas ng mga ruta at daan, pagkabisa sa kalupaan, at pagtaya ng galaw at kilos ng kaaway. Malakas at mataas ang kanyang inisyatiba sa mga pisikal na gawain tulad ng hakot-suplay na malayuan ang distansya.

Taong 2019, nasubok ang buhay at katatagan ni Ka Japet nang nang magkaroon siya ng seryosong pinsala sa mukha sa isang taktikal na opensiba. Dahilan ito upang mahirapan siyang magsalita nang diretso. Matagal siyang nagrekober sa sugat na ito subalit hindi siya napanglawan ng ahitasyon sa pagkilos. Sa katunayan, kahit hindi pa hilom na hilom ang kaniyang sugat, nais na niyang pumasok ulit sa sona para makasama sa selebrasyon ng Anibersaryo ng Partido. Lahat ng iyon ay matapang niyang hinarap at muling nakabalik sa loob ng Hukbo.

Sa kanyang pananatili sa loob ng NPA, may mga panahong dumadating siya sa sangangdaan—kung mananatili sa armadong pakikibaka o huminto na. Pinakangdahilan nito ay ang kahirapan niya sa pagsasalita, malubhang epekto ng pagkakabaril ng kanyang mukha. Noong humihilom pa lamang ang sugat, kailangan niya pang isulat ang kaniyang mga nais sabihin. Kapag hindi niya naisusulat, hindi siya maintindihan ng mga kasama na pinagmumulan ng kanyang pagkalumbay at pagkademoralisa. Pakiramdam niya ay wala siyang halaga sa rebolusyon at nagiging pabigat lamang sa mg kasama. Subalit, sa proseso ng pagtuwang ng mga kasama sa kaniya at sarili niyang pagpupursigi sa kabila ng kaniyang mga kahirapan, pinili pa rin niyang manatili sa landas ng pagrerebolusyon dahil alam niyang ito ang wastong gawin. Kaya naman unti-unti siyang nakabawi at nakabuwelo sa gawain.

Taong 2020, mapangahas na ginampanan ni Ka Japet ang iniatas sa kanya na gawaing ekspansyon. Hindi niya inalintana ang higpit ng militaristang lockdown na ipinatutupad ng rehimeng duterte dahil sa Covid 19. Nanatili ang pagiging masigla siya at lapat sa masa. Kahit hirap sa pagsasalita, hindi ito naging hadlang sa pagpo-propaganda at pagtulong sa gawaing produksyon sa masa sa palayan at gulayan na kanilang binabasehan.

Pagdating ng 2021, kabilang siya sa advance team na inatasang mag-alam ng sitwasyon sa Silangnag Batangas para sa paghahanda sa pagpasok ng Main Body. Dahil sa pagtupad nila sa mabigat na tungkuling ito, muling nakapagpunyagi ang Hukbo sa gawaing pang-ideolohiya, pampulitika, at pang-organisasyon. .

May kakayanan siya gawaing pangkultura. Nagsusulat siya ng mga tula at mga maiikling kwento. Sa ilalim ng nom de plume na Leo Amarillo, inilathala ang ilan niyang mga tula sa mga rebolusyunaryong publikasyon na Lagablab ng Batangan, Kalatas, at Dagitab. Nakatagpo din ng rebolusyunaryong pag-ibig sa loob ng kilusan ang kasama. Karelasyon niya si Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta , isa sa martir sa labanan sa Malalay, Balayan noong 2023. Bagama’t nagsimula sa lihim na relasyon at hindi dumaan sa tamang proseso na pinapatupad ng Partido, naging mapagkumbaba din sila at inamin ang kanilang kahinaan. Dumaan sa mahigpit na pagpupuna at sa gabay ng kanilang kolektiba, sumailalim sa tamang proseso hanggang sa maipormal ang kanilang relasyon.Sa loob ng kilusang mapagpalaya, lalo pang napaunlad ang kanilang relasyon na may pagtanaw sa pagpapakasal at pagtatayo ng rebolusyonaryong pamilya. Ang pagkawala ng kanyang minamahal na karelasyon ay malaking dagok sa kanyang rebolusyonaryong buhay ngunit nananatili ang kanyang katatagan.

Halaw sa kanyang liham sa kanyang karelasyon, “Buong buhay kong tataglayin ang iyong proletaryong diwa para sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masang inaapi at pinagsasamantalahan hanggang sa tagumpay ng ating rebolusyon.” Nilampasan niya ang lahat ng malalaking hamon sa pagrerebolusyon. Lagi’t lagi niyang pinipili ang pagsisilbi sa sambayanan at pagtatanggol sa kanila bilang kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Kailanman ay hindi niya tinalikuran ang sinumpaang tungkulin nating mga Komunista hanggang sa diligin ng kanyang dugo ang kabundukan sa Brgy. Balibago, Lobo, Batangas noong Disyembre 4, 2024.

Sa kaniyang pagkamartir, naganap na ang imortalidad ng kanyang buhay na kailanman ay hindi kayang gapiin ng kaaway. Lagi nating maaalala ang kanyang ginintuang panahon at ubos-kayang pagtupad sa isang dakilang gawain upang palayain ang mamamayan sa tanikala ng pagkaalipin. Mananatili siya sa ating mga puso at hindi mawawala kailanman. Nakatitiyak tayo na maaalala ng masa si Ka Japet bilang kasamang masipag, matatag, masiyahin at malikhain!

Dapat ay magsilbi siyang inspirasyon sa lahat ng kabataan. Hindi man tubong-Batangas si Ka Japet, ang kaniyang pagbubuwis ng buhay para sa masang Batangueño ay ang magmamarka ng kaniyang pagkabayani sa probinsya.

Dakilain si Rey “Ka Japet” Delos Santos!
Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!
Mamamayang Batangueño, lumahok sa digmang bayan!

## MGA REBOLUSYONARYONG MARTIR NG PROBINSYA NG BATANGAS
## EDUARDO DAGLI COMMAND-NPA BATANGAS
## 2023-2024




**Tulad niyo'y mga bituin sa kalawakang tinitingala ng masang api. Kaylanman ay 'di magmamaliw ang kinang, kislap at ningning sa puso, sa diwa, at isip ng mga masang Batangueño na inyong minahal, pinaglingkuran nang tapat at pinag-alayan ng inyong kaisa-isang buhay para sa dakilang layuning ipaglaban at ipagtanggol ang uring anakpawis sa kuko ng mapagsamantala at mapang-api, upang malikha ang lipunang tunay na masagana at malaya para sa susunod na salinlahi.**

**Kayong mga martir ng rebolusyon ay panandang bato, tiyak na hindi mapapalis sa gunita sapagkat nakaukit na sa pahina ng kasaysayan!**

MAGWASTO SUMULONG
12.26.24

INILATHALA NG
KOMITENG PROBINSYA NG BATANGAS-PARTIDO KOMUNISTA NG PILPINAS
MARSO 29, 2025